ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 10
Mayo 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

**EDITORYAL**

# Iluwal ang demokratikong lakas at pagkakaisa ng masang manggagawa

Hindi maitanggi o maikubli ang katotohanan na kulang na kulang ang sahod ng milyun-milyong manggagawa, karaniwang kawani, at masang anakpawis, laluna sa harap ng mabilis na pagsirit ng presyo ng pagkain, petrolyo at iba pang saligang mga pangangailangan ng mamamayan. Ito ang dahilan kung bakit kabi-kabila ang panukala, sa senado, mababang kapulungan o sa mga ahensya ng reaksyunaryong burukrasya, para itaas ang sahod o iba pang hakbangin para ibsan ang labis na kahirapan. Mainam na bagay na marami ang naghahayag ng pagsuporta sa kapakanan ng mga manggagawa at masang anakpawis, subalit ang higit na mahalagang paalingawngawin at pakinggan, ay ang mismong boses ng nagkakaisang manggagawa, kung ano ang kanilang kailangan at ipinaglalaban.

Kabilang sa mga tampok na panukala ay ang ₱150 *across-the-board wage increase* na inihapag sa Senado at isinusulong ni Senate Pres. Juan Miguel Zubiri, ang nakahapag sa kongreso na panukalang itakda sa ₱750 na minimum na arawang sahod, kaakibat ang panukalang pagbabasura sa "wage regionalization" at ibalik ang sistema ng pambansang minimum na sahod. Kasabay nito ang iba't ibang mga panukalang pagtataas sa minimum na arawang sahod nang ₱75 hanggang ₱220 na inihapag sa mga *regional wage board*.

Lahat ng panukalang ito'y salamin lamang ng iba't ibang layo ng pagtaya sa tunay na halaga ng lakas-paggawa ng mga manggagawa, o ng halaga ng mga pangangailangan niya para sa kanyang sarili at kanyang pamilya (o ang tinutukoy ni Marx na pangangailan para panatilihin ang sarili at uri). Humigit-kumulang tinataya ito ng iba't ibang panukat kabilang ang "poverty threshold" (hangganan ng karukhaan) na itinatakda ng reaksyunaryong estado sa napakababang antas na ₱8,500 kada buwan (o ₱283 kada araw). Malayo ito sa humigit-kumulang ₱33,000 kada buwan (o ₱1,100 kada araw) naman na tinatayang "family-living wage" ng grupong Ibon, na kinukwenta ang arawang gastos ng isang lima-kataong pamilya.




Alinman sa nakahapag na panukalang dagdagan ang sahod ng mga manggagawa ay maghahatid ng maliit o makabuluhang antas ng kaginhawaan sa araw-araw na pagdurusa ng mga manggagawa at masang anakpawis. Dapat lamang alalahanin na anumang makakamit na dagdag na sahod ay ibubunga hindi ng kabutihang-loob ng mga pulitiko, kundi ng lakas at pagkakaisa ng masang manggagawa. Kung iaasa lamang ito ng mga manggagawa at masang anakpawis sa senado o kongreso na kontrolado ng mga burukratang kapitalista, mas malamang na babaratin at babaratin lamang ang mga manggagawa, at gagamitin anumang ibibigay na umento para sila ay

pagwatak-watakin at patahimikin.

Sa saligan, salungat sa interes ng malalaking kapitalista at ng maka-kapitalistang estado ang sigaw ng mga manggagawa at karaniwang kawani para sa karagdagang sahod. Ang bawat pisong dagdag na maiuuwi ng manggagawa ay pisong kaltas sa tubong ibinubulsa ng kapitalista. Ang murang lakas-paggawa sa Pilipinas ang isa sa pangunahing ginagamit ng rehimeng Marcos na pang-akit sa mga dayuhang kapitalista na mamuhunan sa Pilipinas at dambungin ang yaman ng bansa. Ang pakikibaka para sa karagdagang sahod ay nasa puso ng maka-uring tunggalian ng mga manggagawa at kapitalista. Ito ay paggigiit ng mas malaking bahagi sa halagang nililikha ng mga manggagawa sa araw-araw na pagpapaupa nila ng kanilang lakas-paggawa sa kapitalista.

Ikinakalat ng mga kapitalista at burges na ekonomista ang iba't ibang huwad at baluktot na katwiran laban sa umento sa sahod para pahinain ang loob ng mga manggagawa na lumaban. Pinalalabas na ang pagtataas ng sahod ay magiging dahilan ng pagtaas ng presyo, kahit ang pagkahayok ng mga kapitalista na magbulsa ng mas malaking tubo ang tunay na dahilan ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Ginagamit rin ng malalaking kapitalista ang katwirang malulugi ang maliliit na negosyo kapag nagtaas ng sahod, para ikubli ang nagdudumilat na katotohanan na dambuhala ang kinakamkam na tubo ng mga bilyunaryong malalaking kapitalista kasabwat ang dayuhang kapital.

Nakasalalay sa antas ng lakas at kapasyahan ng uring manggagawa na ipaglaban ang kanilang interes at karapatan, kung may matatamo silang umento sa sahod at kung ito'y magiging makabuluhan o pakunswelo lamang. Pinatunayan na sa kasaysayan na mas malaki ang maipagtatagumpay nila kung maipamamalas nila ang pagkakaisa sa sama-samang pagbangon at militanteng pagdagsa sa lansangan ng puo-puo o daan-daan libong manggagawa, kaysa kung buhaghag ang kanilang hanay, kalat-kalat at iba't iba ang boses.

Marapat na magkaroon ng nagkakaisang paninindigan at sigaw ang masang manggagawa para sa umento sa sahod, upang mabuo ang kanilang solidong hanay sa pakikipaggitgitan sa estado at mga kapitalista. Mainam na magbuklod ang iba't ibang mga organisasyon sa hanay ng mga manggagawa sa halaga ng umento sa sahod na kaya at handa nilang ipaglaban. Subalit hindi ito sapat. Higit dito, kailangang pahigpitin ang pagkakaisa ng mismong mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpapayabong sa demokrasya sa kanilang hanay, upang tipunin ang kanilang mga palagay, itaas ang kanilang kahandaan at kapasyahan na sama-samang lumaban, at batay dito, buklurin sila sa nagkakaisang panawagan. Kung hindi mabubuo ang malawak na pagkakaisa ng mga manggagawa, malamang kakapusin ng hangin ang kanilang paglaban.

Kailangang palakasin ang demokrasya sa hanay ng masang manggagawa sa pamamagitan ng puspusan pang pagpapatatag o pagbubuo ng kanilang mga unyon at iba't ibang organisasyon sa mga pabrika, pook ng paggawa at mga komunidad. Dapat isagawa ang walang kapagurang kilusang propaganda, pang-edukasyon at pangkultura. Dapat ilang ulit na paramihin at palakihin ang inilulunsad na malawakang mga asembliya at konsultasyon para magsilbing daluyan ng hinaing at hangarin ng mga manggagawa at ng kanilang mga pamilya, maging paaralan upang itaas ang kanilang kaalaman at makauring kamulatan bilang mga manggagawa, at magsilbing paraan para buuin ang kolektibong pagpapasya na lumaban.

Ang ganitong demokrasya sa hanay ng mga manggagawa ang susi para iluwal ang militansya at sigasig ng uring manggagawa na ipaglaban ang umento sa sahod na nararapat sa kanila. Isa rin ito sa magiging pangunahing salik sa komprehensibong pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa, kaakibat ang paglaban ng sambayanan sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, at pagsulong ng pambansa-demokratikong kilusan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 10 | Mayo 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman

**Editoryal:** Iluwal ang demokratikong lakas at pagkakaisa ng masang manggagawa 1
Mala-alaping sahod at naglalakihang kita 3
Mababang sahod ng mamamayang Moro 4
Malawakang tanggalan sa Wyeth Philippines 4
Pensyon ng AFP, pabigat sa bayan 5
Pamiminsala sa kabuhayan at kalikasan 6
5 armadong aksyon sa Panay at Kalinga 7
Pinsalang hatid ng dayuhang proyekto 7
Mga kasong pulitikal, ibinasura 7
Sa madaling salita 8
Pagdukot at pagpatay sa mga sibilyan 9
Mga protesta 9
Ika-50 taon ng pagkamartir ni Kaypakkaya 10
Mga pekeng engkwentro ng AFP sa Bicol 10
May tubig na ang Pabahay sa Pandi 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @angbayan1969

# Mala-alaping sahod at naglalakihang kita



Sa loob ng dalawang dekada mula 1999, tumaas nang 946% ang netong kita ng 1,000 pinakamalalaking kumpanya sa Pilipinas. Sa kabilang banda, tumaas lamang nang 140% mula ₱224 tungong ₱537 sa panahong ito ang mala-aliping sahod ng mga manggagawa sa National Capital Region, ang pinakamataas na minimum sa buong bansa. Bahagyang bumaba ang netong kita noong 2020 nang ipinatupad ang pinakamarahas at isa sa pinakamatagal na *lockdown* sa buong mundo. Pero noong 2021, hindi lamang nakabalik, nalagpasan pa ng mga kumpanyang ito ang ₱1.455 bilyong kita noong 2019 tungong ₱1.817 bilyon.

Sa gitna nito, nakapako sa ₱537 ang minimum ng isang manggagawa sa pambansang kabisera. Kung ibabawas ang lahat ng rekisitong kaltas (SSS, Philhealth, Pag-ibig), wala pang ₱500 ang kanyang naiuuwi. Noong 2022, itinaas ang sahod nang katiting na ₱33 sa NCR tungong ₱570. Gayunpaman, kinain lamang ito ng pagsirit ng implasyon. Noong 2022, nasa ₱495 lamang ang tunay na halaga ng sahod.

Pagpasok ng 2023, lalupang iwinasiwas ng malalaking burges ang naglalakihang kita ng kanilang mga kumpanya habang nakapako pa rin ang sahod. Kakoro sila ng estado sa ipinagmamalaki nitong 6.4% na *gross domestic product*, at diumano'y pagbabalik sa ekonomya ng Pilipinas sa padron ng "mataas na pag-unlad."

Nangunguna rito ang San Miguel Corporation ni Ramon Ang, na nangalandakang tumaas ang netong kita nito nang 27% tungong ₱17.7 bilyon mula Enero hanggang Marso. Ito ay habang tumaas nang 9% ang rebenyu ng mga kumpanya sa ilalim nito tungong ₱346.7 bilyon. Ang kitang ito ay nagmula pangunahin sa mga plantang nagmamanupaktura ng pagkain at inumin, singil sa *toll* at Petron. Higit dito, inaasahan ni Ang na lalupang tataas ang kita ng kanyang mga kumpanya sa susunod na mga buwan.

Iniulat din ng mga kumpanya ng pamilyang Zobel-Ayala na tumaas ang kita nito nang 31% tungong ₱10.2 bilyon sa panahon ding ito. Kabilang sa mga kumpanyang tumabo ng kita ang Bank of the Philippine Islands, Ayala Land Inc. at Globe Telecom.

Samantala, nag-ulat nang 33% pagtaas ng kita o tungong ₱17.3 bilyong ang SM Investments ng pamilyang Sy. Pinagmamay-arian ng mga Sy ang mga kumpanyang notoryus sa pag-empleyo ng mga manggagawang walang pagpipilian kundi mamasukan bilang kontraktwal na tumatanggap ng di nakabubuhay na sahod at minimal, kung meron man, na mga benepisyo.


Kasabay ng paglobo ng kita ng mga kumpanya ang paglaki ng personal na yaman ng pinakamalalaking kumprador. Tumanggap nang hanggang ₱2.6 milyon kada buwan ang pinakamatataas na upisyal ng mga kumpanyang ito, humigit-kumulang 325 beses na mas malaki sa buwanang kita ng mga sahurang manggagawa. Sa mga taong 2020-2022, lumaki nang ₱1 bilyon ang yaman ng limang pinakamalalaking burgesyang komprador.

Ayon sa Ibon Foundation, ang ipinapanukalang ₱150 na *across the board* ng dagdag sa arawang sahod ay katumbas lamang ng 12%-14% ng kita ng pinakamalaki, katamtamanglaki at maliit na mga kumpanya, kahit ibatay sa relatibong mas mababang netong kita ng mga ito noong 2020. Ang mga empresang ito ay nag-eempleyo ng pinakamaraming sahurang manggagawa (88%), kumpara sa maliliit (*micro*) na negosyo. Taliwas sa pagdadahilan ng mga kapitalista, ang malalaking empresa ang nag-eempleyo ng pinakamaraming sahurang manggagawa (49.3%), habang 12% lamang ang iniempleyo ng mga negosyong *micro* na mangangailangan ng subsidyo mula sa gubyerno.

Kung itatakda naman sa ₱750 ang arawang pambansang minimum, maaapektuhan ang 59% ng kabuuang netong kita ng lahat ng mga establisyemento, batay sa mababang kita ng mga ito noong 2020. Tumaas na nang 221% noong 2021 ang kita na ito at patuloy na lumalaki ngayong 2023. Pinakamababa ang epekto ng pagtataas ng pambansang minimum sa malalaking kumpanya (36% lamang ng kanilang kita).

Ayon sa Ibon, anumang ipatupad na dagdag-sahod ay may "second order effect" o sekundaryong epekto kung saan gagastusin ng mga manggagawa ang dagdag na sahod sa pagkain at mga serbisyong pinagkakakitaan ng marami sa impormal at agrikultural na sektor. AB

# Pinakamababa ang sahod ng mamamayang Moro



Sa buong bansa, pinakamababa ang natatanggap na sahod sa kalakhan ay mga manggagagawang Moro sa Bangsamoro Autonomous Region Muslim Mindanao (BARMM). Sa huling kautusan, nasa ₱306 hanggang ₱341 lamang ang kanilang tinatanggap. Pinakamataas na ang sahod sa Cotabato City, kung saan ₱316 ang tinatanggap ng mga manggagawa sa agrikultura at ₱341 sa industriya at serbisyo. Sa kalakhan, nasa ₱306 lamang ang sahod ng nasa agrikultura habang ₱316 ang sa di-agrikultura.

Matapos ang lahat ng kaltas, nasa ₱227 kada araw o ₱5,550 lamang kada buwan ang maiuuwi ng isang manggagawa. Malayong-malayo ito sa nakabubuhay na sahod sa rehiyon na ₱1,947/araw noong Abril, na pinakamataas sa buong bansa.

Huling nagpatupad ang Department of Labor and Employment ng dagdag-sahod sa rehiyon noong Hulyo 2022 kung saan limos na ₱16 kada araw ang ibinigay sa mga manggagawa. (Ang pinakamataas nang dagdag-sahod sa panahong ito ay ₱50 ang idinagdag sa ibang rehiyon.)

Alinsunod sa estadistika ng estado, 73% ng populasyong 15-edad pataas sa BARMM (3.02 milyon) ang ibinibilang sa pwersa ng paggawa. Malaking bahagi sa sahurang mga manggagawa rito ay nasa komersyal na plantasyon at pangingisda. Mas madalas, tumatanggap sila ng mas mababa pa sa minimum. Sa datos noong Enero, inilagay naman sa mababang 3.2% ang tantos ng disempleyo sa rehiyon habang 10.4% ang tantos ng kulang sa trabaho.

Hindi dama ng mamamayang Moro ang ipinagmalaking 6.61% noong 2022 at 7.5% noong 2021 na paglago sa *gross regional domestic product* (GRDP).

Labis na pinahihirapan ang mamamayang Moro sa pagsirit ng tantos ng implasyon, laluna ng pagkain. Mas mataas sa pambansang abereyds na implasyon sa pagkain ang tantos nito sa Tawi-tawi, Basilan at Sulu. Nananatiling matataas din ang presyo ng batayang mga serbisyo. Katunayan, ang BARMM ang may pinakamalaking pagbagsak ng kita sa usapin ng tunay na halaga ng sahod sa nakaraang 34 taon.

Mula 1989, bumagsak nang 52% ang tunay na halaga ng sahod sa rehiyon dahil sa taas ng implasyon at bagal ng pagtaas ng isinasabatas. Ayon sa Ibon, mangangailangan ng minimum na dagdag na ₱370 ang sahod ng manggagawang Moro para mabawi ang naagnas na halaga sa kanilang sahod dahil sa implasyon.

Kasunod ng BARMM, pinakamababa ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa Region IV-B o Mimaropa (₱329-₱355), Region IX o Zamboanga Peninsula (₱338-₱351) at Region III (₱344-₱460).

Naipapako ng mga kapitalista sa pinakamababa ang minimum na sahod sa BARMM sa pamamagitan ng Wage Rationalization Act. Sa kasalukuyan, mayroong 16 rehiyunal na *tripartite board* na nagtatakda ng magkakaibang minimum at dagdag na sahod sa bansa. Sa papel, ibinabatay nila ang dagdag-sahod sa *cost of living* at implasyon. Gayunpaman, palagiang namamayani sa mga ito ang interes ng mga kapitalista (na mayor na boses sa gayong mga *board*) para ipako ang sahod at panatilihing mala-alipin ang mga manggagawa.

Ginagamit itong ligal na pamamaraan ng mga malalaking multinasyunal at transnasyunal para magpwesto ng kanilang mga pagawaan at negosyo sa mga rehiyong mas mababa ang minimum na sahod para magkamal ng mas malaking kita. AB

### Malawakang tanggalan sa Wyeth Philippines, nilalabanan

NAGHAIN NG NOTICE of Strike (NOS) ang Wyeth Philippines Progressive Workers Union sa tanggapan ng National Conciliation and Mediation Board 4-A noong Mayo 20. Magwewelga ang mga manggagawa para itulak ang kapitalista ng Wyeth-Nestle na ibalik sa trabaho ang 145 manggagawang tinaggal sa pabrika sa Canlubang, Laguna. Noong Marso pa lumutang ang plano ng kumpanya na tanggalin ang mga manggagawa.

Sa ulat ng unyon, bigla na lamang hindi pinapasok sa trabaho noong Mayo 18 ang 10 upisyal ng unyon kasama ang pangulo nito, 14 na superbisor at isang maneyder at iba pang empleyado ng kumpanya. Idinadahilan ng kapitalista sa malawakang tanggalan ang "pagtitipid, *automation* at konsolidsyon sa mga linya sa produksyon."

Hindi nalulugi ang Wyeth-Nestle, katunayan noong 2021 ay umaabot sa mahigit ₱5.8 bilyon ang kita nito at kumubra ng netong kita na mahigit ₱2.7 bilyon ang kumpanya.

Bago nito, magkakasunod na aktibidad ang inilunsad ng mga manggagawa para labanan ang planong tanggalan. Noong Mayo 16, inilunsad ng unyon ang isang programa pagkatapos ng kanilang *shift* sa labas ng pagawaan. Inilunsad din ng mga mangggaawa mula Mayo 10 hanggang Mayo 12 ang magkakasunod na mga pagpupulong.

# Pensyon ng AFP, pabigat sa bayan

Animo'y mga lintang sinisipsip ng dambuhalang pasistang makinarya ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang pondo ng bayan, hindi lamang para ipambili ng parami nang parami at palaki nang palaking mga armas at kagamitan, kundi pati para ipambayad sa pensyon ng mga berdugong elemento matapos ang kanilang "serbisyo."

Sa nakaraang mga taon, umaabot sa ₱160 bilyon ang inilalaang badyet para sa pensyon ng mga retiradong sundalo at iba pang "unipormadong tauhan" ng estado. Para sa 2023, kinailangang maglaan ang Kongreso ng ₱273 bilyon para sa 137,649 pensyunadong sundalo at pulis.

Wala ni isang sentimo ang iniaambag ng sinuman sa burukrasyang militar, kombatant at di kombatant, sa kanilang pondong pampensyon. Buung-buo itong kinukuha sa pambansang badyet. Hiwalay pa ito sa alokasyon para sa aktibong mga elemento na kumakain din ng pinakamalaking bahagi ng badyet ng Department of National Defense. Kabaligtaran ang kaayusang ito sa pagkakaltas sa sahod at sweldo ng pampubliko at pribadong empleyado bilang "kontribusyon" sa Government Service Insurance System (GSIS) at Social Security System (SSS).

Walang kaltas na buwis ang pensyon ng mga sundalo. Simula nila itong natatanggap sa edad 56, o siyam na taon na mas maaga sa edad sa pagreretiro ng ibang kawani. Mas mataas rin ng isang ranggo ang tinatanggap na pensyon ng isang retiradong sundalo. Itinutulak nito ang pagkakarerahan sa promosyon at pag-uunahan sa pwesto ng mga may ranggo, laluna ng mga heneral.

**Malaking tagas sa pambansang badyet**

Lumobo nang ilang ulit ang pangangailangang pensyon matapos doblehin ng nagdaang rehimeng Duterte ang *base pay* ng militar at pulis bilang suhol sa kanilang katapatan. Dumagdag sa palamunin ang ilanlibong bagong sundalo na bumuo sa itinayong mga batalyong pangkombat, pang-artileri at iba pa na narekrut ni Duterte sa pangako ng mataas na sweldo, espesyal na mga pribilehiyo at pensyon.

Sa kasalukuyan, ang pinakamababang upisyal (2nd Lt.) ay tumatanggap ng netong sweldo na ₱43,829 kada buwan. Malayong mas mababa ang netong sweldo ng bagong nars na ₱30,742.27, matapos ibawas ang rekisitong kontribusyon sa GSIS, Philhealth at Pag-ibig. Malayong mas mababa ang *net pay* ng isang guro na nasa ₱23,465.50. Mas mataas pa ang sweldong ₱29,668 ng bagong rekrut na sundalo na nagsanay lamang ng anim na buwan. (Kalunus-lunos naman kung isipin na ang sahod ng isang manggagawa ay karaniwang ₱8,902 lamang.)

Aminado ang mga upisyal ng reaksyunaryong estado na ang papalaking pondong pensyon ng AFP ay hindi kayang tustusan nang pangmatagalan. Sa isang pag-aaral ng GSIS, mangangailangan ng ₱9.6 trilyong pondo o ₱800 bilyon kada taon sa susunod na 20 taon para pondohan ang papalaking pangangailangang pensyon ng militar at iba pang unipormadong personel. Ayon sa Department of Finance, kakailanganin ng estado na mangutang nang dagdag na ₱3.43 trilyon hanggang 2030 o dagdag na 25% sa kasalukuyang antas para rito.



Mungkahi ng ahensya, kaltasan nang 5% hanggang 9% ang sahod ng mga sundalo, pulis, *coast guard*, tauhan sa mga bilangguan at eskwelahang pulis para pondohan ang sarili nilang pensyon. (Kumakaltas ang GSIS nang halos 10% sa *gross pay* ng lahat ng ibang kawani kada buwan, habang halos 5% naman ang kinakaltas ng SSS sa sumasahod ng mas mababa pa sa minimum.)

Mungkahi rin ng ahensya na tanggalin ang awtomatikong pag-angat ng isang ranggo ng mga nagreretiro at itaas nang isang taon ang edad ng pagreretiro. Sasaklawin nito ang lahat ng aktibo at papasok na unipormadong elemento.

Sa ngayon, ang pensyon ng pinakamababang ranggong sundalo ay ₱40,000 kada buwan. Tatlong beses ito na mas malaki sa ₱13,600 buwanang pensyon ng isang kawani ng gubyerno at siyam na beses na mas malaki sa tinatanggap ng isang manggagawa na ₱4,528.

Bantang paghuhuramentado ang sumalubong sa panukalang reporma sa pondong pensyon ng militar. Nangunguna sa pagtutol dito ang mga retiradong heneral na hindi saklaw ng panukala. Imbes na mag-ambag, panukala pa nilang itaas ang kanilang mga pensyon mula 85% tungong 90% ng *base pay*.

Wala pa rito ang iginagawad na suhol sa nagreretirong mga heneral sa ilalim ng sistemang "pasalubong" at mga maanomalyang kontratang militar na nakokopo ng kanilang mga pribadong kumpanya at hinahawakang mga sindikatong kriminal. AB

# Pamiminsala sa kabuhayan at kalikasan sa ngalan ng "renewable energy" sa Ilocos

Lubhang nababahala ang demokratiko at rebolusyonaryong mga pwersa sa mga prubinsya ng Ilocos at La Union sa paglipana at patuloy na pagdagsa sa rehiyon ng mga dayuhang kumpanyang namumuhunan sa iba't ibang proyektong pang-enerhiyang "renewable." Sa kasalukuyan, nag-oopereyt sa rehiyon ang siyam na planta ng *wind*, *solar* at *hydropower*. Dagdag dito ang 13 na naaprubahan at pinauunlad na katulad na mga proyekto. Pito sa gumagana at walo sa itinatayo ay matatagpuan sa Ilocos Norte. Dalawa pang proyektong *windpower* sa prubinsya ang nasa antas ng aplikasyon.

Ang enerhiyang *renewable* ay kuryenteng nagmumula sa mga dinasasaid na rekurso ng kalikasan, kabilang ang araw (*solar*), hangin (*wind*), tubig (*hydro*), init ng karagatan at init na nagmumula sa ilalim ng lupa (geothermal) ng mundo. Maliban sa di-nasasaid, ang *renewable energy* ay mas malinis kumpara sa mga rekursong enerhiya mula sa *fossil fuels* (karbon o *coal*, petrolyo, at *natural gas*) na malawakang sumisira sa kalikasan at dahilan ng pag-init ng planeta (*global warming*).

Sinasabi mang "malinis" ang mga enerhiyang *renewable*, malawakang pagsira din sa kalikasan at kabuhayan ng masa ang pagtatayo ng mga pasilidad para sa mga ito. Isa sa mga proyektong *renewable energy* ang inilalatag na Ilocos Norte Solar and Wind Power Plant sa Burgos, Bangui, Pasuquin at Vintar. Saklaw nito ang 2,346 ektaryang kabundukan at kapatagan kung saan libu-libong minorya at magsasaka ang nabubuhay.

Kinamkam ng proyekto ang lupang ninuno kung saan itinayo ang dambuhalang mga *wind turbine* at imbakan ng naipong enerhiya. May mga bahagi na ng kagubatan na kinalbo, pinatag at nilatagan ng malalawak na kalsada para makadaan ang mga *wind turbine*, malalaking trak at iba pang makinaryang pangkonstruksyon. Sa inisyal na ulat, para maitayo ang proyekto, umabot sa 2,984 na puno ang pinutol at 5,145 pa ang binunot para ilipat sa ibang lugar.

Inilalagay ng proyektong ito sa peligro ang buhay at kabuhayan ng mga residente na dati nang bulnerable sa pagguho ng lupa. Sinisira rin nito ang mga *watershed* at natural na daluyan ng mga tubig.

Hindi lamang sa kalupaan, sasakupin din ng mga proyektong pang-enerhiyang *renewable* ang karagatan sa rehiyon. Isa rito ang binabalak na BuhaWind Energy Project ng kumpanyang Danish na Copenhagen Energy at PetroGreen Energy ng pamilyang Yuchiengco na sasaklaw sa mayayamang pangisdaang munisipal ng Burgos, Bangui at Pagudpud. Aagawin nito ang kabuhayan ng daan-daang maliit na mangingisdang walang kakayahang pumalaot lampas sa pagtatayuan ng mga *windmill* at kable ng kuryente.

**Pamumuhunang kontra-kalikasan**



Kasosyo ng mga dayuhang kumpanya ang pinakamalalaking burgesya-kumprador sa pagtutulak ng mga proyektong pang-enerhiyang *renewable*. Sinasakyan nila ang panawagan para sa mas malinis na produksyon ng enerhiya na para sana signipikanteng mabawasan ang paggamit sa nakasisira at "maruming" enerhiya." Hindi nila binibitawan ang kanilang mga pamumuhunan sa maruruming enerhiya na ito, at idinadagdag lamang ang mga proyekto sa *renewable energy* para makapagkamal ng dagdag na kita.

Kabilang dito ang pamilyang Ayala, na may dambuhalang pamumuhunan sa lokal na subsidyaryo ng Shell, isa sa pinakamalaking kumpanya ng *fossil fuel* sa mundo. Namumuhunan rin sa mga proyektong *renewable energy* ang mga Aboitiz, Gokongwei, gayundin sina Ramon Ang at Manny Pangilinan na may kani-kanilang malalaking plantang *coal*, petrolyo at *natural gas*.

Sa Ilocos Norte, kakutsaba nila ang pamilyang Marcos, sa katauhan ng gubernador ng prubinsya na si Matthew Marcos-Manotoc, anak ni Sen. Imee Marcos. Inilalako ngayon ng mga Marcos ang Ilocos Norte bilang "renewable energy center" ng Southeast Asia para akitin ang bilyun-bilyong pisong pamumuhunan ng malalaking kapitalista.

Tungo rito, ginawang prayoridad ng rehimeng Marcos ang pamumuhunan ng *renewable energy*. Sa inilatag nitong planong pangkaunlaran para sa 2022-2028, tinukoy nito ang sektor ng enerhiya bilang "susi sa pagpapaunlad ng ekonomya." Paspasan nitong binigyan ng kontrata ang 41 kumpanya sa unang anim na buwan ng kanyang termino.

Dagdag dito, inamyendahan ng Department of Energy ang implementing Rules and Regulations ng Renewable Energy Act of 2008 noong Nobyembre 2022 upang pahintulutan ang 100% dayuhang pamumuhunan sa *renewable energy*. Dating limitado ang dayuhang pag-aari ng proyektong pang-enerhiya sa 40%, alinsunod sa nakasaad sa konstitusyong 1987. AB

# 5 armadong aksyon sa Panay at Kalinga

Limang magkakasunod na armadong aksyon ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang bahagi ng bansa mula Mayo 2 hanggang Mayo 8 sa Panay at Kalinga. Ang mga ito ay bahagi ng ubos kayang pagsisikap ng mga yunit ng BHB na pursigidong labanan at biguin ang todong gera ng kaaway laban sa masa at rebolusyonaryong kilusan.

Una rito ang operasyong harasment na inilunsad ng isang yunit ng BHB-Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command) sa Barangay Luyang, Sibalom, Antique kung saan tinambangan nila ang mga tropa ng AFP na nakahimpil sa CAA Detatsment ganap na alas-10 ng gabi noong Mayo 2.

Noong namang Mayo 3 nang salakayin ng BHB-Kalinga (Lejo Cawilan Command) ang nag-ooperasyong yunit ng 50th IBPA sa Sityo Agod, Barangay Poswoy, Balbalan, Kalinga. Dalawa ang napatay sa hanay ng kaaway. Isang Pulang mandirigma, si Baliwag "Ka Bombo" Buccol, ang namartir sa naturang operasyon.

Sinundan ito ng aksyong pamamarusa ng BHB noong Mayo 5 sa Atrila Builders Inc sa Barangay Cabungaan, Leon, Iloilo, halos dalawang kilometro lamang mula sa isang detatsment ng CAA sa Barangay Maliao. Naparalisa ang apat na kagamitan kabilang na ang *backhoe*, *grader*, trak at pison na tinatayang umabot sa ₱900,000 ang kabuuang halaga. Ang hakbangin ay pagparusa sa naturang kumpanya dahil sa patong-patong na kasalanan sa mga manggagawang hindi pinapasahod ng tama at hindi maayos na kundisyon sa paggawa.

Noon namang Mayo 6 ay pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng Philippine Army na reresponde sana sa kumpanya at maglulunsad ng operasyon laban sa BHB. Inambush ng BHB ang isa sa tatlong van na sinasakyan ng mga sundalo gamit ang *command-detonated explosive* (CDEx). Natumba at sumandal sa bangin ang sinasakyan ng mga sundalo. Dahil rito ay napaatras ang tropa ng militar at hindi nagpatuloy sa kanilang nakatakdang operasyon sa lugar.

Kinaumagahan naman ng Mayo 8, pinaputukan ng isang yunit ng BHB ang detatsment ng paramilitar sa Barangay Igcococ, Sibalom, Antique. AB

## Pinsalang hatid ng dayuhang proyektong pang-enerhiya sa Bicol

MALALAKING MAPAMINSALANG PROYEKTONG pang-enerhiya ang nakatakdang itayo sa rehiyong Bikol. Dalawa sa mga ito ang binabalak na eksplorasyong *geothermal* o enerhiyang nagmumula sa init sa ilalim ng lupa na pangungunahan ng Premier Geoexcel Inc sa Camarines Norte at Camarines Sur. Sa mga prubinsya ring ito balak itayo ang "wind farm" ng Copenhagen Infrastructure New Markets Fund (CINMF). Inilalako ang mga ito bilang alternatibong mapagkukunan ng kuryente o *renewable energy* pero hindi binabanggit ang malawakang pang-aagaw sa lupa at pinsalang dadalhin nito sa kalikasan.

Ang proyekto ng CINMF sa Bicol ang pinakamalaki sa tatlong proyektong bahagi ng pinakaunang kontrata sa *renewable energy* na 100% pinagmamay-arian ng mga dayuhan. Ang dalawang iba pa ay nakatakdang itayo sa Northern Samar, Pangasinan at La Union.

Magiging bahagi ng naturang mga proyekto ang konstruksyon ng mga kalsada na tatagos at sasagasa sa pusod ng kabundukan at komunidad ng Camarines Norte at Camarines Sur, na tiyak na katatampukan ng pagpuputol ng mga puno at paghukay sa lupa. Pinangangambahan ng mga residente ang malawakang pang-aagaw ng lupa, paggambala sa mga komunidad at pagpapalayas ng mga residente mula sa kanilang mga panirahan at kabuhayan.

Tulad ng iba pang mga *geothermal* at kahalintulad na proyekto, lilikha ng mapangwasak na "waste materials" o basura tulad ng putik na lalason sa mga katubigan sa lugar ng proyekto.

## Mga kasong pulitikal, ibinasura


MAGKASUNOD NA LIGAL na tagumpay ang nakamit ng mga aktibista at bilanggong pulitikal sa nagdaang ilang linggo.

Ipinawalambisa ng Bangued Regional Trial Court Branch 2 ang mga warrant of arrest na inilabas laban sa tinaguriang “Northern Luzon 7” noong Mayo 11. Anito, hindi pinangalanan ang pitong mga “nakaligtas” sa ambus ng hukbong bayan noong Oktubre 2022 sa Sitio Kutop, Barangay Gacab, Malibcong, Abra.

Ang pito ay kinabibilangan ng mga aktibista at progresibong sina Jennifer Awingan, Sarah Abellon-Alikes, Stephen Tauli, Windel Bolinget, Lucia Lourdes Gimenes, Nino Joseph Oconer, at Florence Kang.

Noong Mayo 12, ibinasura ng korte sa Muntinlupa City ang ikalawang kaso na isinampa laban kay dating senador Leila de Lima. Umamin noong 2022 ang pangunahing saksi sa kaso na si Rafael Ragos na peke ang kanyang mga alegasyon at pinilit lamang siya na sabihin ang mga ito.

# 71.3%



ng **"bagong likhang trabaho"** noong Marso ay ***self-employed*** (2.3 milyon), **impormal** (1.7 milyon) at empleyo bilang mga **kasambahay** (372,000).

# 2.7 milyon

ektarya ng palayan para sa 113 milyong Pilipino.

Sa kabilang banda, may 10 milyong ektaryang palayan sa Thailand, bansang eksporter ng bigas, para sa 70 milyong mamamayan nito.



# 47%

ang itinaas ng ***credit card debt*** (personal na pangungutang).

ng mga Pilipino tungong **₱410 bilyon** dulot ng pagsirit ng implasyon at diumano'y paggastang *post-pandemic*.




# 6 linggo

**ilulunsad ang pagsasanay-militar na Kasangga ng mga sundalong Australia at Pilipino mula Mayo 15 hanggang Hunyo 23.**

Bahagi ito ng hakbang ng US para palakasin ang presensya nito at mga kaalyadong bansa sa Asia.

# ₱1 bilyon

ilalaan ng rehimen para sa **₱2,000/sakong** "biofertilizer",



bilang diumano'y alternatiba sa patabang *urea* na nasa **₱1,100/sako** sa ngayon. Pinangangambahang isa naman itong malaking *scam*.

# 613

migranteng Pilipino ang nakarehistrong nagtatrabaho noong 2016 sa **Sudan**,

Mahigit kalahati sa kanila ay *stranded* ngayon sa Egypt matapos sumiklab ang gerang sibil sa bansa.

# ₱250 milyon

ang kailangan para kumpunihin ang maanomalyang **Ungka *flyover***,

isang kalsada sa Iloilo City na lumulubog kaya ipinasara dalawang buwan matapos ito buksan noong 2022.

# 75 taon

anibersaryo ng **Al Nakba** (Ang Sakuna) noong Mayo 15,

ang pangyayari kung saan mahigit **800,000 Palestino** ang **marahas na pinalayas** sa kanilang mga komunidad para bigyan-daan ang pagtatatag ng estadong Israel.

## Pagdukot at sadyang pagpatay sa mga sibilyan at di kombatant

Tatlong sibilyan ang naiulat na pinatay ng militar na pinalalabas na mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang napatay sa pekeng mga engkwentro nitong nagdaang linggo sa Visayas. Pinakahuli sila sa mga sibilyang sadyang pinatay sa brutal na paghahabol ng militar ng "estratehikong tagumpay" laban sa BHB.

Sa Samar, hustisya ang sigaw ang mga kaanak nina Joel Balading Recare at Oscar Alastoy, mga *chainsaw helper* na pinatay ng pulis sa Sityo Ibaliw, Barangay Sangay, Palapag, Northern Samar noong Mayo 5. Hindi mga myembro ng BHB ang dalawa, anila. Mga residente sila ng Barangay Capacujan at nasa lugar dahil naghahanap-buhay. Pinatunayan ito maging ng punong barangay at ibang upisyal ng barangay. Labis ang hinagpis ng pamilya dahil higit 24 oras pa bago dinala ng mga pulis ang mga bangkay sa punerarya.

Sa Bohol, isang buwan nasa kostudiya ng 47th IB ang aktibista at organisador na si Arthur Lucenario bago pinalabas na napatay sa isang "engkwentro" noong Mayo 12 sa Barangay Tabuan, Antequera. Dinukot si Lucenario noong madaling araw ng Abril 14 sa bayan ng San Miguel. Bakas sa kanyang bangkay ang tindi ng tortyur na ipinaranas sa kanya.

Samantala, iniulat kamakailan ng rebolusyonaryong pwersa sa Bohol ang pagpatay ng militar kay Manuel Tinio (Ka Dodie), konsultant sa kapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines. Si Tinio ay pitong beses na pinagbabaril noong Abril 14 ng gabi habang nagmamaneho ng motorsiklo sa hangganan ng San Miguel at Ubay. Para pagtakpan ang krimen, tinaniman ng kalibre .45 ang biktima at sinabing "nanlaban."

**Pag-aresto.** Dinakip at di inilitaw ng mga sundalo ng 94th IB ang magsasakang si Allan Ramos sa Sityo Dangalon, Hilamonan, Kabankalan City noong Mayo 11 ng hapon. Pinalalabas ng militar na naaresto si Ramos matapos ang isang engkwentro sa pagitan nila at yunit ng BHB. Ang totoo, pinaulanan ng mga sundalo ang bala ng pamilyang Ramos bago siya damputin.

Samantala, napag-alaman ng mga grupong naghahanap sa mga desaperesidong sina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil de Jesus na sapilitang silang pinasakay sa dalawang sasakyan ng mga ahente ng Criminal Investigation and Detection Group. Huling nakita ang dalawa noong Abril 28 sa Tanay, Rizal.

**Pambobomba.** Dalawang magkasunod na insidente ng pambobomba at pag-iistraping ang inilunsad ng 203rd IBde sa Oriental Mindoro noong Abril 29 at Mayo 8.

Unang kinanyon ng mga sundalo ang kabundukan sa hangganan ng Roxas at Mansalay noong Abril 29. Ang naturang panganganyon ay bahagi ng *test firing* nito sa erya. Nabulabog nito ang 10,870 residente ng mga barangay sa lugar.

Noong Mayo 8, binulabog ng pambobomba at istraping ang Barangay Tawas, Bongabong at Barangay Malo, Bansud. Tinarget ng bomba at istraping ang mga kubo at sagingan ng mga residente. AB

**CBA sa Paperland, inaantala.** Nagpiket ang mga manggagawa ng Paperland Inc, kumpanya sa Quezon City, sa harap ng kanilang pagawaan noong Mayo 16-17 para ipahayag ang kanilang pagkadismaya sa maneydsment sa patuloy na pag-antala sa pakikipagnegosasyon para sa bagong Collective Bargaining Agreement (CBA). Noong Disyembre 2022 pa dapat ang negosasyon para pag-usapan ang dagdag-sahod, seguridad sa pag-uunyon, kalusugan at kaligtasan, dagdag-sahod at iba pa.

**Umento sa sahod sa Southern Tagalog, ngayon na.** Muling nagpiket sa *regional wage board* ng Calabarzon sa Laguna ang iba't ibang organisasyon ng manggagawa noong Mayo 10 upang igiit ang ₱750 na dagdag-sahod sa rehiyon. Kaugnay ito ng hindi pa rin tinutugunan na petisyong isinumite noong Marso 27 ng Metal Workers Alliance of the Philippines (MWAP) at Workers Initiative for Wage Increase Alliance Southern Tagalog (WIN4WIN) para sa dagdag-sahod.

**"ROTC games" ng AFP, tinuligsa.** Nagbarikada sa loob ng University of the Philippines-Cebu ang mga estudyante nito noong Mayo 5 para pigilan ang nakatakdang oryentasyon ng Armed Forces of the Philippines sa mga kadete ng Reserve Officers' Training Corps (ROTC.) Kaugnay ang oryentasyon sa ilulunsad na palarong ROTC sa buong Visayas. Dulot nito, natulak ang Commission on Higher Education at AFP na ilipat ang aktibidad sa Cebu Technological University sa Cebu City.

**Protesta ng mga drayber sa Iloilo at Bacolod.** Higit 100 drayber mula sa Iloilo City at Bacolod City ang nagpiket sa upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board Region VI sa Iloilo City para ipahinto ang kanselasyon ng mg prangkisa ng mga indibidwal na drayber ng dyip. Sa inilabas na patakaran ng LTFRB Region VI, itinulak nito ang konsolidasyon ng mga prangkisa at nagbawal sa indibidwal na pagpapatakbo ng mga dyip. Nagpiket din ang mga tsuper sa Bacolod Government Center noong Mayo 8 para kalampagin ang alkade ng syudad kaugnay ng parehong hinaing.

**Ibasura ang G7.** Nagpiket ang mga aktibista mula sa ILPS-Philippines, Bayan at iba pang progresibong organisasyon sa Quezon City para ipanawagan ang pagbabasura sa G7 noong Mayo 20. Bahagi ang pagkilos sa International Day of Action Against the G7 na itinaon sa pagpupulong ng G7 sa Hiroshima, Japan.

# Ika-50 taon ng pagkamartir ni Ibrahim Kaypakkaya, ginunita



Ginunita ng mga rebolusyonaryong pwersa sa iba't ibang bahagi ng mundo ang ika-50 anibersaryo ng pagkamartir ni Ibrahim Kaypakkaya, tagapagtatag ng Communist Party of Turkey, noong Mayo 20. Si Kaypakkaya, tulad ng mga rebolusyonaryo ng Pilipinas, ay namulat sa panahon ng daluyong ng sosyalistang rebolusyon sa China sa pamumuno ni Chairman Mao.

Nagkaroon ng mga aktibidad sa paggunita sa kanyang pagkamartir sa mayor na mga lungsod ng Turkey tulad ng Istanbul, Izmir, Çanakkale at Ankara. Inilunsad ng mga organisasyon ang mga martsa, pagsasabit ng mga balatengga, mga pagpupulong at pag-aaral. Nagkaroon din ng mga katulad na aktibidad sa Rojava, ang rehiyong sentro ng pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya ng mamamayan ng Kurdistan. Naglunsad din ng mga martsa ang mga organisasyon sa Europe tulad ng Germany, Austria, London at Paris.

Sa kanyang kabataan, itinatag ni Kaypakkaya ang Partido sa Turkey. Masugid siyang mag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at matamang inilapat iyon sa partikular na kalagayan ng kanilang bansa. Pinangunahan niya ang anti-imperyalista at sosyalistang propaganda at edukasyon sa hanay ng mamamayan ng Turkey. Pinamunuan niya ang pagtatatag ng Workers' and Peasants' Liberation Army o TIKKO para maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa bansa.

Limampung taon na ang nakalilipas nang dinakip, tinortyur at pinaslang ng pasistang reaksyunaryong estado ng Turkey si Kaypakkaya sa imbing layunin na wakasan ang pagbabangon ng mga manggagawa at aping mga uri sa Turkey. Sa halip, patuloy na lumalaganap at nagsisilbing inspirasyon ang rebolusyonaryong simulain ni Kaypakkaya sa Turkey at sa ibang panig ng mundo.

Ipinabatid ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ang pakikiisa sa mga rebolusyonaryong pwersa ng Turkey sa okasyon ng paggunita sa anibersaryo ng pagkamartir ng kanilang tagapagtatag.

Ayon sa Partido, habang bilyun-bilyon ang nagdurusa kapwa sa mga bansang kapitalista at malakolonyal at malapyudal, at kumakaharap sa banta ng imperyalistang gera at pagwasak at tumitinding pasismo sa iba't ibang panig ng mundo, ang hindi nagmamaliw na alaala ni Kaypakkaya ay magsisilbing inspirasyon sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang aping mamamayan para sa pambansang at panlipunang paglaya at sosyalismo. AB

### Mga pekeng engkwentro ng AFP sa Bicol

HINDI BABABA SA tatlong pekeng engkwentro ang isinagawa ng 9th ID at pulis sa mga prubinsya ng Bicol nitong Mayo para palabasing nagtatagumpay ang rehimeng Marcos sa paggapi sa armadong kilusan sa rehiyon.

Pinakahuli sa mga ito ang pekeng ulat ng engkwentro sa hangganan ng bayan ng Garchitorena at Lagonoy sa Camarines Sur noong unang linggo ng Mayo. Naglabas din ng pekeng balita ng engkwentro sa Masbate at Camarines Norte. Dahil bigo ang militar na itulak ang mga yunit ng hukbong bayan sa rehiyon sa mga mapagpasya at gasgasang labanan, ang sibilyang populasyon ang tinatarget ng teroristang pandarahas ng mga berdugong militar at pulis.

Samantala sa Sorsogon, naglabas noong Mayo 6 ng pekeng balita na "naaresto" si Marlon Macabuhay, isang dating Pulang mandirigma, na sa aktwal ay sumuko noon pang Abril 3. Taliwas sa pangakong "tulong at reintegrasyon," ikinulong si Macabuhay sa presinto ng Gubat kahit walang kasong nakasampa laban sa kanya.

### May tubig na ang Pabahay sa Pandi

IPINAGDIWANG NG GRUPONG Kadamay noong Mayo 6 ang pagdaloy ng tubig sa BFP Pabahay sa Pandi, Bulacan. Binati nito ang mga residente na walang kapaguran at sama-samang ipinaglaban ang kanilang karapatan sa batayang serbisyong panlipunan.

Ayon sa grupo, anim na taon na naghintay ang mga residene ng BFP Pabahay sa Pandi, Bulacan para magkaroon ng dumadaloy na tubig ang kanilang mgambahay. Anito, karaniwang problema sa mga pampublikong pabahay ang kawalan ng batayang mga serbiyo tulad ng tubig at kuryente. Dahil dito, napipilitan ang mga residenteng maralita ng magbayad ng mas mataas sa regular na singil para makatagal sa kanilang mga bahay. Matagal nang ginigiit ng mga residente na sakop ng pagkakaroon ng disenteng paninirahan, na karapatan ng lahat, ang sapat na akses sa tubig, kuryente, edukasyon at kabuhayan.